
Ang BULAKENYO
TOMO 2 BLG. 1 ENERO - MARSO 2021
OPISYAL NA PAHAYAGAN NG DIBISYON NG BULACAN

# 140 Classrooms sa Bulacan, Pinasinayaan ni Pang. Duterte



Pangulo ng Republika ng Pilipinas sa kanyang talumpati sa Inagurasyon ng 140 classrooms sa Gen. Gregorio del Pilar Integrated School sa Bulacan nitong ika-4 ng Marso.

ni Ma. Priscilla C. delos Reyes

**May kabuoang 140 silid-aralan mula Gen. Gregorio del Pilar Integrated School, Bulakan at Virginia Ramirez-Cruz High School, Pandi ang magkasabay na pinasinayaan ni Pangulong Rodrigo Roa Duterte sa GGPIS, Distrito ng Bulakan noong Marso 4.**

Matapos ang mahigit na dalawang taon mula nang pag-sumikapang maaprubahan ang liham kahilingan sa pag-papatayo ng gusali ay muling bumalik ang pangulo upang bigyang-katuparan ang kanyang balakin.

"It's a nice feeling to be back," ani Duterte. Matatandaan na unang bumisita ang pangulo sa Bulakan noong Enero 9, 2019 sa "Ground Breaking Ceremony" bitbit ang pangakong itatayo sa lalawigan ang mga National High Schools para sa mga anak ng mamamayang Bulakenyo.

Kabilang sa kanyang pinasalamatan ay si First Lady Cielito Honeylet Avancena, tubong Valenzuela Bulacan at isa sa naging daan upang maisakatuparan ang proyekto. Kinilala rin ni Pang. Duterte ang matatag na samahan ng DepEd, DPWH at LGU na magkakatuwang na nagplano at kumilos para sa nasabing pagawain.

" Your collective efforts in this project has been crucial in creating conducive, inclusive and resident learning environment for students of Bulacan," dagdag pa ng pangulo.

Binigyang diin rin niya sa iba't ibang sangay ng pamahalaan na kailangang tapusin ang mga pagawain sa itinakdang panahon nang may integridad at katapatan. Tiniyak niya na ang mga ito ay higit na dapat maging kapaki-pakinabang kapag bumalik na ang lahat sa normal.

Ilan sa mga dumalo sa pagdiriwang ay sina Senator Bong Go, DPWH Sec. Mark Villar, DepEd Region III Regional Dir. May B. Eclar, Gov. Daniel Fernando, Vice Gov. Wilhelmino M. Sy-Alvarado, mga kongresista at kinatawan ng lalawigan ng Bulacan, Bulacan SDS Zenia G. Mostoles, Bulakan Mayor Vergel Meneses , Pandi Mayor Enrico A. Roque, Bulakan PSDS Priscilla SM Navarro, Pandi PSDS Teresita B. Alquiza at ibang kawani ng DepEd.

## Radio Based Instruction, umere na

ni Edwin Eusebio

**Inilunsad at ipinatupad na ang Radio Based Instruction ng DepEd Paombong District Bay, School noong Marso 9, sa ganap na ika-9:00 ng umaga sa Binakod Elementary School, Paombong Bulacan.**

Layunin ng programang ito ang mapaabutanan ang lahat ng uri ng mag-aaral, lalong higit ang mga nasa coastal area o mga baybayin tulad ng Lantad at BInakod Elemetary School na hindi naabot ng internet , walang kakayahang bumili ng gadyets ang mga magulang.


Ayon din sa resulta ng survey na ginawa sa mga magulang, radio ang pinili nilang maging mode of learning dahil dito ay maaari pa silang magtanong sa hindi nila nauunawaaan sa modules ng kanilang mga anak. Sumailalim sa pagsasanay ang ilang mga guro sa programang ito tulad ng Radio Broadcasting, Radio Script writing at equipment holding .

Naging poible ang proyektong ito sa pangunguna nina Marquez T. Cartel,Public Schools District Supervisor, Head Teacher I, Sir Edwin S. Eusebio at mga gurong sumailalim sa pagsasanay na maging teacher-broadcaster at sa suporta ng Local Government Unit (LGU) ng Paombong.

Mapakikinggan ang nasabing proyekto sa frequency na DWLB 88.0 KHZ o DepEd Paombong Radio.

## Dr. Mostoles nagbalik bilang ika-38 SDS ng Bulacan

ni Angelita C. Bau



**Nagbalik bilang Schools Division Superintendent (SDS) ng Sangay ng Bulacan si Dr. Zenia G. Mostoles CESO V.**

Ayon kay Dr. Mostoles, ang lahat ng opisyal ay may sinumpaan na sumunod sa Kagawaran ng Edukasyon.

"We follow orders wherever we are sent," wika niya.

Sa muli niyang pagbabalik, sinabi ng Superintendent na nananabik pa rin siyang pamunuan ang lalawigan sa larangan ng edukasyon .

"Exciting ang aking pagbabalik, hindi ako nahirapang mag-adjust kasi mababait ang mga Bulakenyo," ani Dr. Mostoles.

Binanggit din niya na maraming hamon sa edukasyon ngayong panahon ng pandemya at isa na rito ang maihatid sa mga mag-aaral ang mataas na kalidad ng edukasyon at maituloy ang regular na pagkatuto. Ilan sa programa ng dibisyon ay ang pagbuo ng video lessons (synchronous at asyncronous), at capacity building of all teachers on module writing and video lesson making.

Kasama rin sa mga programa ng mga kasalukuyang namumuno sa DepEd Bulacan ang Human Resource Information System (HRIS), Project HEARS, Teachers Portal, at Automation of Information System upang sumagot sa katanungang hinggil sa edukasyon.

Layunin ng Deped Bulacan at ng nagbalik na Schools Division Superintendent na maging matagumpay sa Strategic Direction na bunga ng tatlong araw na pagpaplano,Improve Access,Improve Quality and Relevance and Modernize Governance.

## DepEd Bulacan, wagi sa Project Watch National Competition

ni Juliet B. Del Rosario


**Muli na namang nagwagi sa Project W.A.T.C.H National Competition sa ikatlong pagkakataon bilang first runner up ang DepEd Bulacan na kinatawan ng San Pedro National High School. Napanood ito ng live noong Disyembre 19 sa Project W.A.T.C.H official page. Kasabay rin nito ang pagkapanalo ni Dr. Agnes R. Bernardo, DepEd Bulacan Division Project Watch Coordinator bilang Project W.A.T.C.H 2020 Leadership Awardee.**

Gamit ang titulong SAN PEDRO NATIONAL HIGH SCHOOL PROJECT WATCH 2020 AMIDST PANDEMIC itinuloy ng paaralan ang kanilang adbokasiya kaugnay ng katapatan at pagpapahalaga sa oras kahit na sa panahon ng bagong normal. Matatandaang nagsagawa ang paaralan ng W.A.T.C.H Webinar 2020 via google meet noong Oktubre 24 na dinaluhan ng SPNHS Supreme Student Government at ng mga kabataang Pinuno ng Bulacan sa pangunguna ni Inah Marifaye M. Blanco, Project Developer I-Youth Formation Coordinator DepEd SDO Bulacan.

Gayundin, Oktubre 27 at 29 ang W.A.T.C.H talk via FB Live naman na dinaluhan ng mga mag-aaral ng nasabing paaralan. Nagsilbing tagapagsalita sina Hagonoy Councilor Elmer Santos, Atty. Mildred Ople, Sir Alvin Tolentino kasama ang ilang SPNHS Alumni na sina Dan Paul Santos at Ralph Bryan Bartolome. Ang naturang webinar at Watch Talk ay may temang "Leaving a Legacy: Instilling the Values of Honesty and Time Consciousness."

Tuloy-tuloy rin ang pagtungo ng pamunuan ng paaralan sa mga isla ng Pugad at Tibagin sa pangunguna ng Punongguro nito na si Gng. Felipa Santiago at Project Watch Coordinator Ma. Annette A. Dela Cruz na bukod sa pagtatanim ng bakawan ay layuning patuloy na mapalaganap at maisabuhay ang katapatan at pagpapahalaga sa oras sakabila ng banta ng pandemya.

Samantala, Disyembre 6, 2019 ang ikalawang panalo ng paaralan bilang Best in Jingle Competition at 2019 National Project WATCH first runner up. Disyembre 17, 2018 nakamit naman ng paaralan ang unang panalo sa nasabi ring pambansang kompetisyon bilang 4th runner up.



Ama ng Lalawigan ng Bulacan, Igg. Daniel R. Fernando sa walang humpay na pagpapatupad ng kanyang mga programa.

## Gob. Fernando, inilahad mga programa sa Bulacan

ni Alfredo A. Correa

**Patuloy na isinusulong ng ating Gobernador Daniel R. Fernando ang mga adhikain at programa na tunay na inklusibong pag-unlad o inclusive growth, kakayahang makipagtagisan sa larangang pandaigdigan o global competitiveness, at bukas na pamahaalaan o transparent gov't ang lalawigan ng Bulacan.**

Buhat nang maupong gobernador sunod -sunod ang kanyang pagtupad sa mga layunin at mithiin upang lalong maiangat ang lalawigan ng Bulacan sa maraming aspeto tulad pagdating sa kalusugan, edukasyon at pagpapahalaga sa kasaysayan.

Pagtugon sa mga serbisyong pangkalusugan, pantay-pantay na edukasyon, pagbibigay ng pangkabuhayan at mga pagsasanay, pagpapunlad ng agrikultura at patuloy na may kaugnayan at matatag na imprastraktura na tumutugon sa lahat ng mamamayan sa Bulacan ang limang pangunahing kanyang ipinatutupad.

Pangangalaga, pagsasaayos at proteksiyon ng makasaysayang lugar, kultura, at likas na yaman, responsible at mapanagutang pamamahala, siguraduhin ang katahimikan at kaayusan ng buong probinsiya at maibigay ang serbisyong panlipunan ang kukumpleto para sa kanyang "Sipag at Tapat na Paglilingkod".

## CFGHS kinilalang Top Implementor ng BE 2020 sa Rehiyon III

ni Gerardo P. Legaspi

**Carlosians, nagdiwang!**


Itinanghal ang Mataas na Paaralang Carlos F. Gonzales noong ika-28 ng Disyembre, 2020 bilang isa sa dalawampung paaralang sekondarya sa buong rehiyon at nag-iisang paaralang sekondarya sa Sangay ng Bulacan na pinarangalan bilang Top Performing School sa ginanap na 2020 Virtual Local Stakeholders Convergence and Recognition of Government and Community Stakeholders pagdating sa pagpapatupad ng 2020 Brigada Eskwela.

Sa kabila ng pandemyang kinakaharap ng bawat isa ay hindi huminto ang pamunuan ng paaralan sa pagpaplano kung papaanong mapabubuting lalo ang pagtitiyak sa edukasyon ng bawat mag-aaral na Carlosian. Kung kaya, isa ang pagpupundar ng bagong sasakyan bilang school service sa pagsasakatuparan ng maayos na sistema ng pag-aaral sa bagong normal.

Sa ambag na tulong din ng mga miyembro ng komunidad, PTA, Alumni, Gawad Dangal Members, Lokal na Pamahalaan at iba pa ay bumuhos ang suporta sa pagkakaloob ng mga PPE, thermal scanner, printing materials, disinfectants at iba pa.

"Sabi ng iba, wala naman daw Brigada Eskwela Contest ngayon dahil sa pandemya. Sabi pa ng ilan, wrong timing ang manghingi para sa paaralan sapagkat bagsak ang ekonomiya. Pero ang mga kadahilanang ito mismo ang nagtulak sa amin upang lalong paigtingin ang pangangalap ng suporta para sa aming mga mag-aaral." Ito ang binigyang-diin ni Gng. Ma. Lourdes "Mam Odette" C. Valondo, Punongguro IV ng Mataas na Paaralang Carlos F. Gonzales kaugnay sa tinanggap na karangalan ng paaralan.

"Ang recognition ay bonus na lang. Ang pinakamahalaga ay ang tunay na paglilingkod at malasakit sa paaralan", dagdag pa ni Mam Odette.



## First Pinas Forward Bulacan Election, isinagawa

ni Maria Ann Margarette R. Morelos

**Sinimulan ng Pinas Forward Bulacan ang kauna-unahang chapter election para sa mga SSG officers sa buong Bulacan noong Pebrero 27 via google meet.**

Katuwang and DepEd Bulacan, tinipon ang mga SSG officers mula sa iba't ibang paaralan sa nasabing lalawigan upang bumoto ng mag-aaral na maitatalaga sa iba't ibang posisyon.

Pinangunahan ito nina G.June G. Joson, LPT, pinuno ng Ground Operations Message Movements, Media Inc. at Pinas Forward at Bb. Inah Marifaye M. Blanco, Project Development Officer 1 ng School Governance and Operations Division - Youth Formation Unit Educational District 1.

Ayon kay G. Joson, layunin ng nasabing gawain na gabayan ang kabataan kung paano maging lider at maging kaagapay ng tinatawag na Digital Bayanihan na kung saan maipamamalas ang kanilang kakayahan at pagiging malikhain sa paraan ng pamumuno.

Matapos ang ginawang online botohan gamit ang google form ay naihalal ang sumusunod na mag-aaral: President: Donabelle B. Lucas (San Pedro NHS, Hagonoy) Vice President of Internal Affairs: Nelson James (Guiguinto NVHS, Guiguinto) Vice President of External Affairs: Abigail Joy M. Calison (Prenza NHS, Marilao) Secretary: Curt Christian DC. Pile (Mariano Ponce NHS, Baliwag) Auditor: Lance Valtiendaz (Lolomboy NHS, Bocaue) Prefect of Discipline: Wen Cel A. De Guzman (Carlos F. Gonzales HS, San Rafael) Public Information Officer: Ar-Jay F. Salazar (Bunsuran NHS,Pandi) Committee Head for Finance: Jannine S. Muñoz (Frances NHS, Calumpit) Committee Head for Project: Leah C. Dela Cruz (Alexis G. Santos NHS, Bustos) Committee Head for Education: Jeffrey A. Parole (San Miguel-Meysulao HS, Calumpit) Committee Head for Membership and Recruitment: Krisvin Jhelho A. Paulino (Aguinaldo J. Santos NHS, Bustos).

Kaugnay nito, ay isinagawa rin ang panunumpa ng mga bagong halal na First PINAS Forward Division of Bulacan Officers sa araw rin na iyon.




Ama ng Bayan ng Sta. Maria,Igg. Russel G. Pleyto, patuloy na pagsuporta sa kanyang kababayan sa larangan ng Edukasyon.

## TECH4ED, Bumida sa Bayan ng Sta. Maria

ni Imelda Jose

**Nanatiling matindi ang paniniwala ng Punong Bayan ng Santa Maria, Kgg. Russel Guballa Pleyto sa kabutihang maidudulot ng edukasyon kung kaya't sa gitna man ng dinaranas na pandemya ay patuloy pa rin ang pagsasagawa ng mga proyekto na makatutulong sa edukasyon ng mamamayan**

Kung kaya't kasabay ng pagbubukas ng klase nitong Oktubre 2020, nakatanggap ang Pamahalaang Bayan ng Santa Maria ng ibinahaging sampung Computer Units mula sa MERALCO. Ang mga computer units na ito ay inilaan sa Juan Jose Serapio Elementary School ng Barangay Catmon at sa iba pang departamentong nangangailangan nito.

Gayundin, naging kaisa ang DICT sa adhikaing ipagpatuloy ang edukasyon sa ating bansa at ang programang Tech4ED masisiguradong magiging kapaki-pakinabang ang mga computer units para sa lahat.

Kaugnay nito, bago pa man maranasan ang pandemya ay naglunsad na ang bayan ng Santa Maria ng tinatawag na Bus Aralan na iikot sa 24 na barangay sa bayan ng Santa Maria. Ang Bus Aralan na ito ay naglalaman ng mga kompyuter na bukas para sa lahat ng nagha-hangad na matuto at makagamit ng makabagong teknolohiya.

## Liwasang Pangkalikasan, nagbuklod sa Marilenyo

ni Ofelia S. Tolentino

**"Maghiwalay na tayo !"**

Ito ang naging panawagan ni Marilao Mayor Ricardo Silvestre sa mga Marilenyo na magbukod ng basura, kasabay ng pagdiriwang ng Zero-Waste Month noong Enero.

Isang luntiang bayan ang inaasahang magiging bunga ng programang Liwasang Pangkalikasan ng Marilao, matapos itong pasinayaan noong Hunyo 30, 2020 ang kauna-unahang parkeng pangkalikasan sa Marilao, dahil rito hinihikayat ng pamahalaang lokal ang mga Marilenyong magtanim at magbukod ng mga basura upang mabawasan ang basurang dinadala sa sanitary landfill. Inaasahang aabot ng 55% ng basura ang mababawas o katumbas ng P35-M hanggang P45-M ang matitipid kung ang bawat mamamayan ay makikiisa sa programa.

Matatagpuan sa liwasan ang tatlong ektaryang taniman ng gulay, prutas at halamang namumulaklak tulad ng mirasol, nursery at lagoon (reservoir) na imbakan ng tubig na pandilig at nagsisilbing fishpond.

Samantala, sa Material Recovery Facilty (MRF) na nasa loob ng liwasan, ipinoproseso ang mga organic waste o mga nabubulok na basura upang magsibing pataba at tanimang lupa . Ginagawang paso poste, tiles at hollow block ang mga di-nabubulok . Tanging ang mga basurang hindi maaaring iproseso ang dinadala sa sanitary landfill sa hangganan ng Clark at Tarlac.

## 12 "Benches of Dreams" nasa FFHNAS na!

ni Melgee A. Canare

**Buhay na buhay parin ang diwa ng bayanihan.**

Pinatunayan ng mga mag-aaral, guro, Pang-ulong guro, at Punong Guro ng Fortunato F. Halili National Agricultural School na ang pagtutulungan ang susi upang maisakatupan ang kanilang proyektong " Benches of Dreams".

Tinawag na "Benches of Dreams" ang proyektong ito dahil layunin nitong makapagpatayo ng mga stone benches na kung saan ilalagay sa FFHNAS park, upang magamit ng mag-aaral na espasyo para sa kanilang pag-aaral at para rin sa mga guro.

Pinangunahan ng Pangulo ng FFHNAS FEA at SSG adviser na si Melgee A. Canare ang matagumpay na proyektong ito. Sa tulong ng mga guro, Pangulong-guro, Punong Guro, SSG, FEA, GPTA officers at Alumni ay nakapaglagay na ng 12 sets ng benches sa FFHNAS park. Ayon kay Canare ay mayroon pang karagdagang 12 set na ibibigay upang mas mapaganda pa ang ginagawang proyekto.

Sa kasalukuyan, patuloy parin ang pangangalap ng suporta at tulong upang mapalawak pa ang proyekto na malaking tulong sa ikagaganda ng paaralan.



## Gulayan sa SDO Bulacan, isinakatuparan


ni Rowena R. Viharin

**Plantito at Plantita, mga salitang nakilala ngayong panahon ng Pandemya.**
**Hindi rin nagpahuli ang programang GULAYAN sa SDO BULACAN na inilusad noong ika- 7 ng Pebrero, sa pangunguna ng ating Schools Division Superintendent Dr. Zenia G. Mostoles at ng Education Program Supervisor sa EPP at TLE, Dr. Joel I. Vasallo.**

Ayon kay Dr. Joel Vasallo,pangunahing layunin ng nasabing proyekto na lubos na mapahalagahan ang kalikasan at maisulong ang Agrikultura sa gitna ng pandemya. Ang pagiging posible ng programa ay dahil na rin sa pakikipagtulungan at kooperasyon ng Balagtas National Agricultural High School sa pamumuno ni G. Cesar V. Valondo, Punongguro IV katuwang sina G. Richard B. Bernabe , pang-ulongguro VI ng Agri./H.E at G. Keith Richard R. Hernandez, pang-ulongguro III ng ICT/IA at G. Randy C. Concepcion, pang-ulongguro III ng BNAHS Annex Campus.

Ipinagkaloob ng Association of Bulacan Agriculture, Industrial Arts, Home Economics, ICT Coordinators and Advisers, Inc. (ABACA, Inc.). at ng Balagtas National Agricultural High School ang mga punla ng gulay at ilang halaman na ginamit sa nasabing programa.

Lubos din ang pasasalamat ng SDO Bulacan sa mga guro ng JHS at SHS , mga kawani ng Balagtas National Agricultural High School .na naglaan ng panahon sa nasabing programa.



Dr. Jan Michael C. Sotto at G. Khevin Catap Global Heroes Awardees, kasama si Gob. Daniel Fernando

## 2 gurong Bulakenyo,kinilala bilang Asia Global Heroes

ni Monica P. Sotto

**Hindi maikakaila na ang Bulakan ay tahanan ng mga bayani.**
**Noong Enero 29, dalawang gurong bulakenyo ang napabilang sa listahan ng Asia Global Heroes na iginawad ng Asian+Council of Leaders, Deans and Educators in Business (ACLADEB).**

Ginawaran si Dr. Jan Michael C. Sotto,pang-ulongguro III ng Lolomboy National High School, Bocaue ng ASIA Global Heroes Award sa kategoryang Inspirational dahil sa kanyang mga proyekto at programa sa larangan ng community development.

Kinilala rin si G. Khevin Catap,guro sa Guiguinto National Vocational High School Annex ng Asia Global Heroes Award sa katergoryang Youth and Leadership para sa kanyang pagiging modelo sa kanyang mga nasasakupan.

Ang ACLADEB ay isang samahan na inorganisa ni Dr. Dionisio G. Magpantay na may layuning bigyang parangal ang mga magagandang gawain ng mga kolehiyo at unibersidad sa Pilipinas at sa buong rehiyon ng ASEAN.

Kamakailan lamang, ang dalawang gurong Bulakenyo ay nabigyan ng pagkakataong makausap ang Gobernador ng Bulaca. Igg. Daniel Fernando sa isang courtesy call. Sila rin ay binigyan ng pagkilala ng mga organisasyon at institusyong kanilang kinabibilangan.

## Hilario, Bagong CSE ng Bulacan

ni Edwin M. Valdez

**Itinalaga ng Boy Scout of the Philippines, National Office si Chester N. Hilario bilang bagong Council Scout Executive ng Bulacan noong Enero 21,2021 matapos niyang palitan si Michael A. Indoma na ngayon ay nanunungkulan bilang Regional Scout Director ng Western Mindanao Region.**

Bago naupo sa puwesto si Hilario bilang CSE naglingkod siya bilang Field Scout Executive ng Bulacan Coucil. Siya ay anak ng dating Scout Executive na si Arnel V. Hilario na naglingkod sa lalawigan mula taong 1990 hanggang 2009.

Sa idinaos na 2020 Virtual Council Awarding Ceremony on the Outstanding 2019 Scout Membership Performance and Scout Advancement kung saan siya unang pinakilala bilang Acting Council Scout Executive ng lalawigan ng Bulacan kanyang pinasalamatan ang lahat ng nakiisa at sumuporta sa lahat ng gawain at proyekto ng Bulacan Council.

Kaugnay nito, kanyang ipinangako na magpatuloy ang pangunguna ng Bulacan Council pagdating sa scouting. "We the Bulacan Council, we the Council Management Team. We will continue committing ourselves to the Scouts of Bulacan. Together, we will continue moving on. We will deliver scouting in the Province of Bulacan on the way on what we can. We will stand up and prove that the Bulacan Council still number one" paliwanag ni Hilario.



Scout na huwaran kinilala at pinarangalan. Pagtatalaga kay Chester Hilario bilang bagong Council Scout Executive ng Bulacan.

# Silverio tiniyak ang suporta sa DepEd


Igg. Lorna SIlverio, ABC President Alfred Gerona at Atty. Quincy Germar sa pagpapasinaya ng bagong gusali sa Matictic ES, Norzagaray Bulacan, ika-22 ng Pebrero

ni Vivian C. Correa

**Pinangunahan ni Bulacan 3rd District Representative Lorna C. Silverio ang pagpapasinaya at pagbabasbas ng bagong gusali sa Matictic Elementary School, Matictic, Norzagaray, Bulacan noong Pebrero 22, 2021.**

Samantala, dinaluhan ito nina ABC President Alfred Lew Germar, Atty. Quincy Germar, bilang kinatawan ni Mayor Alfredo G. Germar, Bgry. Captain Marcial Lucas kasama ang Sangguniang Barangay, DPWH Bulacan 2nd DEO, Engr. George Santos, Assistant District Engr. Gene S. Leańo, PTA Officers, at mga punongguro sa Norzagaray West District.

Ayon kay Cong. Silverio, patuloy siyang mangangalap ng suporta upang mas marami pa ang mga silid-aralan na maipatayo na magiging kapaki-pakinabang sa mag-aaral at tiniyak rin niya ang kanilang palagiang pagsuporta sa mga adhikain ng Kagawaran ng Edukasyon.

Ang dalawang palapag na gusali na binubuo ng apat na silid-aralan ay nakalaan para sa mga mag-aaral ng Junior High School Grade 7 na nasa loob ng Matictic Elementary School.

Lingap at Serbisyo, Para sa Bata at Para sa Bayan

## 11 copier machines, 550 reams ng bond paper at iba pa, ipinamahagi

ni May Crisette L. Magayon

**Pinangunahan ng kinatawan ng ikatlong distrito ng Bulacan, Igg. Lorna C. Silverio ang pamamahagi ng 11 RICOH MP 2014 copier machines, 550 reams ng A4 bond paper, 22 bote ng MP 2014 toner at 11 mesa sa 11 pandistritong tanggapan ng Kagawaran ng Edukasyon noong ika-12 ng Marso, 2021 sa Pablo's Bistro and Lounge, Galas Maasim, San Rafael, Bulacan.**

Sinimulan ang naturang pamamahagi sa pamamagitan ng isang maikling programa kung saan nagbigay ng mensahe ang isa sa mga konsehal ng bayan ng San Rafael, Igg. Edlin M. Indon na sinundan ng mensahe ng katuwang na tagapamanihala ng mga paaralan, Dr. Cecilia E. Valderama. Matapos nito ay nagpaabot din ng kaniyang mensahe si Congresswoman Silverio at ang tagapamanihala ng mga paaralan sa Bulacan na si Dr. Zenia G. Mostoles.

Tinanggap ni Dr. Mostoles, kasama si Dr. Valderama at 11 tagamasid pampurok mula sa bawat distrito ang mga naturang kagamitan. Kabilang din sa mga dumalo sina Senior Education Program Specialist Bryan Amiel F. De Jesus at ilang punong-guro mula sa iba't ibang distrito.

Layunin ng tanggapan ni Congresswoman Silverio na makaagapay sa pag-iimprenta ng mga modyul bunsod ng bagong normal sa edukasyon.

Kabilang sa 11 pandistritong tanggapan na napagkalooban ng mga naturang kagamitan ang sumusunod: Angat, Doňa Remedios Trinidad, Norzagaray East, Norzagaray West, San Ildefonso North, San Ildefonso South, San Miguel Central, San Miguel North, San Miguel South, San Rafael East at San Rafael West.

Bawat pandistritong tanggapan sa pangunguna ng kanilang tagamasid pampurok ay pinagkalooban ng 1 RICOH MP 2014 copier machine, 50 reams ng A4 bondpaper, dalawang bote ng MP 2014 toner at isang mesa na magsisilbing lagayan ng photocopier.



Kinatawan nglkatlong Distrito, Igg. Lorna C. SIlverio,SDS Zenia Mostoles at mg apiling PSDS para sa pamamahagi ng 11 copier machines, bondpapers atbp.

## Webinars tampok ngayong bagong normal

ni Jocelyn M. Gamo

**Webinar.Dalawang salitang pinagsama na Web(internet) at Nar(pinaigsing Seminar).**

Ito ang ginawa ng mga kaguruan noong panahon na ang lahat ay limitado lamang ang galaw.

Alinsunod sa Memorandum bilang 00-0520-0005 na nilagdaan ni Undersecretary Alain D. Pascua ang mga guro ay magkakaroon ng webinars na mapapanood sa official page na DepEd Ed-Tech Unit na pinamumunuan ni Ginoong Mark Anthony SY.

Sa pagtutulungan ng Departamento ng Edukasyon, DepEd Ed-Tech Unit at sa paggabay ni Abram Abanil, Direktor ng ICTs samu't saring kaalaman ang natutuhan ng mga guro hinggil sa paggamit ng ibang platforms na magagamit sa pagtuturo sa bagong normal. Binigyang pansin nito ang paggamit ng mga offline/online software applications katulad ng Kotobee creator/ Kotobee reader. Tinalakay rin ni Sy ang pagbuo ng mga Advance OER o Open Educational Resources na isang interactive assessment gaya ng Wondershare, Hot Potato, at crossword puzzle na kinahumalingan rin ng mga guro.

Kaugnay nito, hindi lamang sa mga nasabing webinars natapos ang paglilinang ng mga guro, sapakat buwan ng Hunyo ay naglunsad ang Education Technology Unit ng isang anunsiyo sa mga nagnanais na maging kaisa sa binubuong DepEd TV.

## Project BASA, isinulong sa panahon ng pandemya

ni Daryl F. Valencia

**Upang matulungan ang mga mag-aaral na hirap sa pagbabasa at pag-unawa, inilunsad ng Filipino Department ang Project BASA (Basahin at Saloobin) bilang reading remediation na makatutulong sa mga mag-aaral na hindi mabigyan ng sapat na oras ang pagbabasa lalo na ngayong panahon ng Pandemya.**

Layunin ng proyektong ito na mapataas ang kasanayan ng mga mag-aaral at maging independent readers ang mga mag-aaral na nasa lebel na frustration. Sa nakalipas na buwan, nadetermina ng mga gurong tagapayo katuwang ang mga subject teacher ang mga mag-aaral na hirap bumasa at kulang sa komprehensyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga pagsasanay na hinango sa Phil-IRI at ginawang home visitation na isinasaalang-alang pa rin ang mga protokol na ipinatutupad ng IATF (Inter Agency Task Force).

Dahil sa ganitong kalagayan ng mga mag-aaral, agad na kumilos ang paaralan upang masolusyunan ang suliraning ito. Karamihan sa mga batang nasa lebel ng frustration ay nagmula sa Baitang-7 at anim sa kabuang bilang nito ay mga kapatid nating Dumagat na higit na nangangailangan ng paggabay.

Ang pagbibigay ng Learning Activity Sheet ang isa sa mga paraang ginagawa ng mga guro upang maipagpatuloy ang paghubog ng kakayahang bumasa at umunawa. Maituturing na matagumpay ang proyektong ito sapagkat karamihan sa mga mag-aaral na kasama sa pag-aaral ay nagpapakita ng kaunlaran sa pagbasa at pag-unawa sa isang teksto. Hindi lamang pagbabasa ang itinuturo sa mga ito kundi maging pagbuo ng mga pangungusap at iba pang kasanayan.



Daryl F. Valencia, kasama ang apat na mag-aaral para sa Project BASA

## ONHS, namayagpag sa Online International Sudoku Championships



Ehrell Dane G. Alfonso, Grade 8 - Aguinaldo, nagkamit ng unang pwesto sa Online Sudoku Championship.

ni Abelardo S. Miranda, Jr.

**Nasungkit ng apat na mag-aaral ng Obando National High School (ONHS) ang matataas na pwesto sa ginanap na sudoku sa dalawang magkahiwalay na Online International Championships – ang Jeju (South Korea) Sudoku Championship noong Pebrero 20, 2021 at Asia Sudoku Championship noong Enero 30, 2021.**

Nakamit ni Ehrell Dane G. Alfonso ng Grade 8 – Aguinaldo ang Unang Pwesto sa Jeju Sudoku Championship na nilahukan ng 264 na manlalaro mula sa 27 na bansa. Ikaapat na pwesto naman si Rayner Gabrielle DO. Alcantara ng Grade 8 – STE, ikalimang pwesto si Mary Rose Agustin ng Grade 9 Sapphire at ikawalong pwesto naman si Princess Ashley Anzures mula sa Grade 7 – STE.

Hindi rin nagpahuli sina Anzures, Alcantara, at Aguinaldo sa Asia Sudoku Championship kung saan 662 na manlalaro mula sa 18 bansa ang lumahok. Sa Under 15 Category, ika-16 ng pwesto si Princess Ashley Anzures, ika-11 si Rayner Gabrielle Alcantara, at ika-18 naman si Ehrell Dane G. Alfonso. Ang Jeju Sudoku Championship at Asia Sudoku Championship ay parehong inorganisa ng PuzzleRace.org na isang online platform para sa mga paper-based na patimpalak na nilikha at pinamamahalaan ng Korea and China Association.

Ang mga mag-aaral na lumahok sa naturang mga patimpalak ay sinanay at ginabayan ni Gng. Ma. Dolores A. Martin.

**Div.Memorandum Blg.174.s.2020**

## Proyektong 'Obra Ko, Gabay Mo' inilunsad

ni Dina Relojo

**Dahil sa patuloy na pangangailangan ng mga guro ng mga kagamitang panturo, inilunsad sa lalawigan ng Bulacan ang Pansangay na Proyektong 'Obra Ko, Gabay Mo' na ginanap noong Nobyembre 5 hanggang Nobyembre 27, 2020.**

Inanyayahan ang lahat ng mga Bulakenyong guro sa pampumbliko at pampribadong paaralan sa proyektong ito na makiisa sa pamamagitan ng pagsulat ng iba't ibang uri ng panitikan tulad ng mgaTula Kuwentong Pambata, Bugtong,Maikling Kuwento,Sanaysay,Anekdota, Balagtasan, Talumpati, Tanaga, Spoken Poetry at Tugmang de Gulong.

Ipinabalido ang mga isinumiteng obra sa Division Learning Resources Management and Development System(LRMDS) team.

Layunin ng nasabing proyekto na makalikom ng mga orihinal na akda mula sa mga guro sa Bulacan upang maging kalipunan ng mga akdang pampanitikan sa lalawigan.

Nakatanggap ang mga nagsumite ng kanilang mga akda ng Sertipiko ng Pagkilala mula sa LR.

Ilulunsad ang nasabing proyekto sa darating na Oktubre.

## Gurong Bulakenyo sinanay maging teacher - broadcaster

ni Rowena Dela Cruz

**Inilunsad ng Bulacan ang Division Online Capacity Building of Qualified Teacher-Talents for Synchronous and Asynchronous Distance Learning sa bisa ng Division Memorandum No. 004, s. 2021 sa ilalim ng Curriculum Implementation Division (CID),ika-23,24 at 26 ng Pebrero.**

Tinatayang dinaluhan ang pagsasanay ng mga kwalipikadong guro mula sa iba't ibang paaralan sa Bulacan na binubuo ng 75 sa MAPEH; 74 sa Araling Panlipunan; 71 gurong kinatawan sa English: 58 sa Mathematics; 57 sa Science; 42 sa SPED; 36 sa EPP/TLE/IVL; 35 sa Filipino; : 35 sa EsP; 24 sa Kindergarten; 15 sa ALS at 7 sa MIB.

Batay sa proyekto,layunin nitong tugunan ang pangangailangan sa mas malawak na teaching-learning delivery ngayong New Normal. Dagdag pa, pokus rin nitong mabigyan ng mas malawak na kaalaman ang mga guro sa scriptwriting production design, video shooting musical scoring at production editing na kanilang magagamit sa distance leaming, Isinailalim ang mga guro sa patnubay ng mga national-trained teacher-broadcasters upang masiguro ang kalidad ng mga video lessons na ipamamahagi sa mga mag-aaral synchronous o asynchronous man.

Samantala, pinarangalan naman ang mga naturang lumahok bilang teacher-broadcaster, scriptwriter, production designer, musical scorer at video editor matapos makumpleto ang tatlong araw na pagsasanay.





# Pilipino sa Panahon ng Unos

ni Jaypee T. Reyes

**Pagpupuri sa mga indibidwal na hindi tumigil na tumulong sa kapwa sa kabila ng mga hamon sa gitna ng pandemya.**

Nito lamang Mayo ng taong 2020, matatandaang maraming mga nanunungkulan sa mga bayan at barangay ang nagpamahagi ng kanilang mga tulong at isa na riyan ang ama ng lalawigan ng Bulacan na walang iba kundi si Igg. Gobernador Daniel R. Fernando.

Nagsagawa ang Pamahalaang Panlalawigan ng Bulacan ng 'relief efforts' sa Malolos City, Bulacan na pinangunahan ni Gobernador Daniel R. Fernando katuwang sina Bise-Gob. Wilhelmino Sy-Alvarado at iba pang mga namumuno sa bayan at sa pakikipagtulungan na rin Provincial Social Welfare and Development Office (PSWDO).

Ayon kay Gobernador Daniel R. Fernando, "Makaaasa po ang mga minamahal nating Bulakenyo na sinisikap ng inyong lingkod sampu ng ating mga kasama sa Kapitolyo na maihatid ang tulong sa lahat ng nangangailangan." Kaya't hindi nakagugulat na nakahahakot siya ng parangal ukol sa kaniyang mahusay na paglilingkod sa lalawigan ng Bulacan.

Ilan na rito ang pagtanghal sa kanya na "HERO SURVIVOR" na parangal mula sa Gawad Amerika 2020 na ipinagkaloob bilang pagkilala sa kaniyang mahusay na pakikipaglaban sa COVID-19.

Nakamit din ni Gobernador Fernando ang pagkilala bilang "Gawad Pagpapahalaga sa Matapat na Paglilingkod" mula sa Programs on Awards and Incentives for Service Excellence (PRAISE) dahil sa kaniyang dedikasyon sa serbisyo.

Nakagagalak na hindi pa pala tuluyang nawawala ang bayanihan sa ating mga puso lalo na ngayon at sinusubok tayong lahat ng panganib dulot ng Corona Virus Disease o mas kilala sa tawag na COVID-19.

Hindi naman lingid sa kaalaman natin na ang pagtulong sa kapwa'y kailanman hindi kailangang gawing kompetisyon. Hindi ito batayan sa kung gaano kaliit o kalaki. Batay ito sa kung ano ang mababago mo sa buhay ng matutulungan mo at paano ito magpapabago sa kanya.

Sabi nga ni Buddha, "Libu-libong mga kandila ang maaaring masindihan mula sa iisang kandila, at ang buhay ng kandilang ito'y hindi iikli.

Kaya't magpatuloy tayo sa pagtulong sa kapwa dahil bukod na makapagbibigay tayo ng tuwa sa ibang tao'y hindi naman ito nakababawas ng ating pagkatao sa halip naitataas pa tayo nito.

Isa sa pinakamagandang regalo na maibibigay natin sa isa't isa'y ipagpatuloy ang mapagkalingang asal at mabubuting gawi gaya ng pagpapamalas ng kabayanihan, pagbibigayan at pagtulong sa mga nahihirapan.



# Sa Saliw ng Lumang Tugtugin

ni Raymond S. Villafane

**Hindi na bago ang pagyakap natin sa bagong uso. Kilala ang mga Pinoy sa husay sa pagtanggap at pakikibagay. Flexible 'ika nga nila. Kahit saan mo ilagay, pwede. Kahit saan mo ilahok, pwede.**

Sa pagsasakatuparan ng Basic Education-Learning Continuity Plan (BE-LCP) ng Department of Education, natunghayan natin ang napakalaking pagbabago sa sistema ng edukasyon sa ating bansa . Mula sa kurikulum hanggang sa paraan at bunga nito, kitang-kita nating patuloy ang pagsisikap ng DepEd upang patuloy na maihatid ang dekalidad na edukasyon sa kabila ng pandemya.

Sinikap ng mga gurong makasabay sa saliw ng bagong kaganapan sa edukasyon upang patuloy na maturuan ang mag-aaral. Makalipas ang limang buwang pagsubok sa Bagong Normal, masasabi nating hindi man natin ganap na naibigay lahat ng karunungang dapat naibahagi sa mag-aaral, nagtagumpay tayong ilapit sa puso at isipan ng mga mag-aaral ang edukasyong susi sa kanilang kinabukasan .

Sa kabila ng unang mungkahi ng DepEd na magsagawa ng pilot testing sa 1,065 na paaralan sa mga low-risks areas, pinaboran ni Senador Win Gachalian, Chairman ng Senate Committee on Basic Education, Arts and Culture na gawin ang limitadong face to face sa mga lugar na wala o mababa ang kaso ng covid-19 kasabay ng pagtatalaga ng panel of experts upang tutukan ang pagsasagawa nito.

Ayon sa Philippine Pediatric Society, doble ang mawawala nang pagkatuto ng mga mag-aaral kung titigil ang edukasyon sa loob ng isang taon. Lumabas din sa kanilang pag-aaral sa 191 bansa na walang ugnayan sa kalagayan ng mga paaralan ang bilang ng mga kaso ng Covid-19 sa pamayanan.

Kung muling bubuksan ang mga paaralan para sa limitadong face to face o kung sakaling bumalik na ang lahat sa normal, muli nating magagawa ang tila imposibleng tungkulin sapagkat ang pagiging guro ay isang lumang tugtuging kay sarap pakinggan sapagkat may himig na nagmula sa puso .

## PATNUGUTAN

Mharikit E. Fababier
PUNONG PATNUGOT

Emma Caparas
Emma C. Guitaba
KATUWANG NA PATNUGOT

Richard Biglete
Jenn Malitan
Dr. Romel Roque
SIRKULASYON

Maria Ann
Margarette Morelos
Angelita Bau
PATNUGOT NG BALITA

Jaypee T. Reyes
Arlene Tuazon
PATNUGOT NG PANGULONG TUDLING

Ethel Reyes
PATNUGOT NG LATHALAIN

Efraim Ran Mendoza
Marcial Acuna
PATNUGOT NG ISPORT

Anastacia N. Victorino
Gregorio C. Quinto Jr.
KONSULTANT

Rona Mendoza
Dr. Nestor Lucas
TAGAKUHA NG LARAWAN

Imelda Golez
Alfredo Correa
TAGAPAG-ANYO

Abel Lim
Carolina dela Cruz
TAGAGUHIT

Raymond Villafane
Robert Lovendino
TAGASURI NG WIKA

Ang BULAKENYO



# BUHAY GURO

## Alamin ang Karapatan

ni Emma Concepcion C.Caparas

**Lingid sa kaalaman ng karamihan sa atin ang proteksyong maibibigay ng tinatawag na Rehabilitation Leave Law sa mga empleyado ng pamahalaan tulad nating mga guro. Sa ilalim ng seksyon 3.2 ng CSC-DBM Joint Circular No. 1, S 2006, nakasaad dito na ito ay isang pribelehiyo na ibinibigay sa mga empleyado ng gobyerno na naaksidente habang gumaganap sa tungkulin.**

Kabilang dito ang mga permanente, casual at may fixed terms of office subalit ang mga job order ay hindi sakop ng probilehiyong ito. Nakabatay sa rekomendasyon ng doktor kung hanggang kailan ang rehabilitasyon ng tinamasang sugat o injury at ito ay hindi dapat umabot ng anim na buwan. Ang apektadong empleyado ay makatatanggap ng buong sweldo habang nagpapagaling. May reimbursement din na nagkakahalaga ng 5,000 piso para sa mga ginastos sa paunang lunas.

Bilang isang guro ay personal kong naranasang matugunan ang ganitong karapatan. Ito ay nang maganap ang aksidente sa paaralan habang naghahanda sa pamamahagi ng modules noong Disyembre na nagresulta ng pagkadurog ng buto sa aking kanang kamay. Naaprubahan ang 90 araw kong Rehabilitation Leave with pay mula Disyembre 7, 2020 hanggang Marso 6, 2021. Naging katuwang ko ang batas na ito sa pagpapagaling at paghahanda sa pagbabalik sa serbisyo.

May ilang reyalisasyon sa sitwasyong ito. Una na rito ay napakahalaga talaga ng DTR sa ating mga guro. Dito nakatala kung ikaw ba ay nasa loob ng paaralan sa oras ng aksidente. Isa ito sa hinihinging requirement sa pag-aaplay ng leave.

Kailangang mapatunayang work related ang pangyayari.Dito natin lubos na mauunawaan ang ating punong-guro kung bakit nais nila tayong naglolog-in and out. Ito ay para sa atin ding kapakanan.

Ikalawa, sa sistema natin ngayon na walang face-to-face at skeletal lamang ang schedule ng pagpunta sa paaralan nararapat ding maging maingat. Bumalik lamang sa mga araw na onsite at manatili sa tahanan kung work from home.

Nakalulungkot lang na hindi lahat ay nakakaalam na mayroon palang ganitong uri ng leave para sa mga guro. Mas magiging mabuti kung matatakalay ito sa mga LAC sessions sa paaralan upang maibigay ang nararapat na impormasyon.Tandaan nating ang kaalaman ang pinakamabisang proteksyon.

Bukod sa Rehabilitation Leave with pay, maaari pang magpasa ng mga dokumento ang isang guro sa GSIS para sa Employee's Compensation Benefit na naaayon sa Presedential Decree blg.626.Sa ilalim ng programa, pag-aaralan ng EC personnel kung magkano ang benepisyong makukuha ng empleyadong nagkasakit o naaksidente sa trabaho.

Marapat lamang na mabatid natin ang ating karapatan at mga responsibilidad na kaakibat nito.



# May Tagumpay sa Pandemya

ni Ethel Valencia Reyes

**Malaki ang tagumpay na maiaambag ng isang mag – aaral sa lipunan sa tulong ng kaniyang panulat sa para sa layunin ng pamamahayag.**

Ngunit paano nga ba ito malilinang kung ang kanilang damdamin at pagpapahalaga sa ganitong uri ng sining ay inaagaw ng mga hamon at pagsubok hatid ng pandemya, kung kailan limitado ang galaw sa lipunan? Paano magsisilbing tulay ang pamamahayag upang maitampok ang kakahayan ng isang kabataang manunulat?

Ngayong panahon ng pandemya kahit wala sa tipikal na silid aralan ay tama pa rin sabihin na posibleng maganap ang pagkatuto ng mga kabataang mamamahayag. Maaari pa rin magtagumpay dahil sa pag-usbong ng makabagong teknolohiya na may iba't ibang gamit na makatutulong sa mas epektibong kalidad ng edukasyon.

Bilang tugon sa pagsasara ng mga gusaling pampaaralan pinalawak ng pamahalaan sa tulong ng mga stakeholders para sa suporta sa teknolohiya. Ito ay tulong para sa malayuang pag – aaral (distance Learning) ang pagbabahagi ng mga kinakailangang kagamitan tulad ng laptop, hotspot ng WIFI , cellphone at tablet bilang tugon sa mga pangangailangang ito para sa pinakamabilis at pinakamalikhaing paraan na makakaya sa pagharap sa panahon ng "new normal" o bagong realidad. Ayon sa ilan, hindi na kailangan ng napakadaming libro bilang basehan ng pagkatuto at pananaliksik, eka nga basta't may internet connection walang imposible. Sa parte naman ng mga guro nariyan ang mga "social networking" sites para sa mas malikhaing paraan ng talakayan at pagkatuto.

Mabisang pakikipag-ugnayan ang layunin ng pagsulat sa ngalan ng pamamahayag hindi sapat ang basta na maintindihan lamang bagama't pangunahing layunin ang komunikasyon. Isa itong sining hindi dahil sa isang na kabataang mag- aaral na hawak ang kanyang panulat kundi dahil hawak nito ng buong- buo ang isip at damdamin ng kanyang lipunang ginagalawan.

Sa panahong hindi abot- kamay ang ikabubuhay at laganap ang sakit na nakamamatay magsisilbing bakuna ang pagsulat sa panahon ng pandemya. Higit kailanman dapat itong linangin itaguyod at ipalaganap para sa ating tagumpay sa hinaharap.

# Kakayahang Emosyonal ng Guro: Paigtingin



ni Elena P. Salas

**Lubhang nakababahala ang matunghayan sa sosyal midya ang balita tungkol sa pagpapakamatay ng ilang guro.**

Lahat ng paraan ay ginagawa ng Kagawaran ng Edukasyon upang maibigay ang pinakamabuti para sa mga mag-aaral, kung kaya't dapat na ang unang linangin ay intelektuwal na kapasidad ng kaguruan na magagamit sa iba't ibang pamamaraan o estratehiya ng pagtuturo na naaangkop ngayong new normal. Nararapat ding pag-ukulan ng pansin ang pagpapatibay ng emosyonal na aspekto ng kaguruan.

Kailan lang ay isang guro ang naiulat na nagbigti sa kanyang inuupahang bahay dahil sa sobrang depresyong nararanasan sa buhay. Ilan sa dahilan diumano ayon sa iniwan niyang sulat bago ang insidente ay problema sa trabaho, suliranin sa pamilya, kakulangan sa pinansiyal na pangangailangan at hindi natupad na pangarap sa buhay.

Paano nga ba matutuldukan ang ganitong pangyayari?

Batay sa manilastandard.net, dalawang senador ang naalarma sa tangkang pagpapatiwakal ng mga guro at nagpahayag ng kanilang pagnanais na maitaguyod ang emosyonal na kapasidad ng kaguruan.

Isa sa mga isinusulong ni Senator Win Gatchalian ang "Education in the Better Normal Act" ito ay naglalayon na malinang ang kalusugang mental ng mag-aaral at kaguruan sa tulong ng pamahalaan.Gayun din ang paglalaan ng "guidance counselor" sa bawat paaralan para makaalalay sa mga guro.

Samantala, para kay DepEd Secretary Leonor M. Briones, malaking hamon pagtitiyak sa mental na kalusugan ng mag-aaral at guro.

Ilan pang buhay ang masasayang kung hindi ito gagawan ng paraan?

Kaya't sa pangunguna ng Kagawaran ng Edukasyon at ng pamahalaan, nararapat lamang na isulong ang pagpapaunlad ng kalakasang pang emosyunal ng mga



## Pagbutihin: Edukasyon sa Pandemya

ni Arlene SD. Tuazon

**Isang malaking dagok para sa lahat ng tao hindi lamang sa Pilipinas kung hindi sa buong mundo ang pagdating ng pandemyang COVID-19, ngunit higit na mas malala ang pasakit na nararanasan ng mga estudyanteng nagtitiis sa hirap ng 'modular' na paraan sa pagkatuto sa kasalukuyan.**

Matatandaang idineklara ng World Health Organization ang virus na COVID-19 noong Marso 11 ng nakaraang taon bilang isang opisyal na pandemya .

Nanlupaypay kung hindi man namatay ang iba't ibang industriya sa ating bansa gaya ng sector ng produksyon at iba't ibang klase ng paggawa. Bukod pa rito'y mabigat na dinadala ng gobyerno ang maaaring solusyon sa sistema ng edukasyon para sa mga mag-aaral na Pilipino.

Ayon kay Usec. Diosdado M. San Antonio ng Kagawaran ng Edukasyon, inasahan na nila noon pa man na ang modular instruction ay magdudulot ng maraming reklamo dulot ng kalituhan mula sa mga magulang at mismong mga mag-aaral..

Kaugnay nito, batay sa pinakahuling datos ng ahensya ng edukasyon sa bansa higit sa 25 milyong mag-aaral ang pumapasok sa pribado man o pampublikong paaralan sa taong pampaaralan 2020-2021 at 59% sa mga ito ang gumagamit ng mga nakaimprentang aralin. Kung gayon, nasa higit 14,000 na mga kabataan ang nahihirapan para sa sariling-sikap na pagkatuto.

Hindi maikukubli saan mang dako ng mundo ang malagim na epekto ng pandemyang dulot ng COVID-19 virus, ngunit hindi ito rason upang isuko ng bansang Pilipinas ang hangaring magkaroon ng susunod na henerasyong handa sa anumang pagsubok. Mahirap man ang kalagayan ng kabataan sa ilalim ng edukasyon sa gitna ng pandemya ay dapat magtulong-tulong ang lahat guro man,estudyante o magulang upang maging epektibo ang naturang pag-aaral.



## Edukasyon sa Buhay na may Pandemya

ni Myrna L. Flores

**Tila tumigil ang takbo ng mundo dahil taliwas sa mga inaasahan sa isang iglap iba na pala ang mangyayari at maraming pagbabagong magaganap.**

Nagkaroon ako ng alalahanin. Maraming umusbong na katanungan at bilang isang guro alam kong malaking hamon ito. Upang hindi maantala ang edukasyon nagkaroon ng komprehensibong pag-aaral mula sa iba't ibang opisina ng DepEd, Komite ng Edukasyon sa Mababang Kapulungan at nagkaroon ng survey na nilahukan 700,000 katao.

June 19, 2020 batay sa DepEd Oder No. 16 s. 2020 tinawag ito na Basic Education Learning Continuity Plan (BE-LCP) ito ang tugon ng Departamento ng Edukasyon. Layunin nito, na pangalagaan ang kalusugan ,kaligtaasan at pangkabuuhang kabutihan ng mag-aaral, guro at kawani alinsunod sa pagtaguyod ng Edukasyon sa ilalim na itinakda ng DOH at WHO. Inaayos at binalanse ang gagamiting kurikulum . Iba't ibang alternatibong pamamaraan sa pagpapatuloy ng edukasyon tulad ng Distance Learning kung saan may iba't ibang pamamaraan tulad ng online learning o paggamit ng makabagong teknolohiya o modality ang pagbibigay printed materials tulad ng modules. Ginamit din ng Deped ang TV at radio. May modality din , ang sistema ng pag-aaral na magkahalong online na kailangan mo ng internet at mga printed materials, at may home schooling din na tinatawag. Maayos inilatag at inisip ang ginawang pamamaraan. Ngunit ibat-iba ang naging reaksyon at pagtanggap sa ganitong sistema ng 'new nomal education'.

Sabi nga ni Greg Mc Keown " More was never the answer. the Answer, it turned out was always less." Mas mainam ang kaunting gawain na nauunawaan kaysa marami na kinatatamaran Malaking hamon para sa lahat ang panahon ng ito. Oportunidad para sa marami ang edukasyon. Magiting na pagsisikap ang kailangan gawin upang maipagpatuloy ang edukasyon. Mahirap sa iba o madali man sa iba ,manindigan tayo bilang mga guro na makapagbigay at makapaghatid ng abot-kaya , dekalidad na edukasyon sa panahong ng pandemiya.



## Pagtitiwala sa Gitna ng Pagsubok

ni Angelito M. De Jesus

**Taong 2020, ang buong mundo ay ginulat ng bagong uri ng virus na mabilis na lumaganap at nagdulot ng takot sa mga tao. Ito rin ay nagdala ng maraming pagbabago sa takbo ng pamumuhay lalo't higit sa ating mga Pilipino.**

Sa ganitong panahon, isang maayos na pagpaplano at matalinong pagdedesisyon ang kailangang taglayin ng mga namumuno. Nakasalalay sa kanilang mga kamay ang ikatatagumpay at ikalulunggati natin sa labang ito. Mahirap sa ating lahat na umasa ng buong-buo sa pamahalaan, subalit mangyayari lamang ito kung sila ay may konkretong plano na ihaharap sa taumbayan.

Ang lubos at walang alinlangan pagtitiwala ay maibibigay ng lahat sa gobyerno kung ang kultura ng korupsyon at iba pang uri ng pandarambong ay tuluyang matitigil. Sabi nga sa isang matandang sawikain, "Mahirap ibigay ang isang bagay na hindi mo taglay". Mahirap ibigay ang tiwala kung mismong ang nakaupo ay mayroong nakakadudang reputasyon. Ang tunay na sangkap upang mapagtagumpayan natin ang laban sa di nakikitang katunggali ay ang pagkakaloob ng tunay at dalisay na pagtitiwala sa namumuno.

Bukod dito, kung tunay na mararamdaman ng bawat isa ang sinseridad ng pamahalaan sa totoong diwa ng pagkalinga sa bawat isa, siguradong ang tiwala ay walang pasubaling maibibigay sa kanila. Sa panahong tulad nito, ang tunay na namumuno ay kayang magbigay ng lakas ng loob at pag-asa sa bawat isa.

Tayong mga Pilipino ay likas na matatag, sa kahit anong pagsubok hindi tayo sumusuko. Unti-unti, dahan-dahan mapagtatagumpayan natin ang pandemyang ating kinakaharap, muli tayong tatayo at yayabong sa tulong ng bawat isa at sa tamang direktiba ng taong pinagkatiwalaan nating mamuno sa atin. Tulad ng kasabihang, "Ang tunay na pamumuno ay masusukat kung paano siya kumilos sa panahon ng pagsubok".

# Juana, Isa... Dalawa... Tatlo

ni Imelda S.P.Golez

*Tatlong Juana sa Sangay ng Bulacan.*
*Nang magbuhos ang Diyos ng biyaya, tila nasalo nang lahat ng Dibisyon ng Bulacan sa kabila ng krisis na kinakaharap. Katangi-tanging mga Juana ang dinala ng tadhana sa lalawigan ng mga bayani upang dito ay muling magbahagi ng karunungan, kasanayan at kakayahan sa kanilang pamumunuan.*

*Isa……….*

*Isang hiyas na kayamanan ng kagawaran.Hitik sa karanasan at katalinuhan.Patunay ang mabungang panunungkulan sa lahat ng pinaglingkuran Ang pagbabalik sa Bulacan aniya ay pagsunod sa atas ng kagawaran. " We follow orders where ever we are sent," dagdag pa niya. Sa kanyang pagbabalik ,naroon pa rin ang kanyang pananabik na pamunuan ang lalawigan sa larangan ng edukasyon. Tunay nga namang masarap bumalik sa lugar na iyong pinanggalingan lalo na at nagkaroon ka ng mabuting ugnayan.Iyan din ang pinatunayan ng "Ina ng Kagawaran"ng kanyang sabihing " Kapag bumalik ka sa isang lugar kung saan alam mo na ang kultura, mas madali na ang pakiki-pag-ugnayan sapagkat nauna na ang pamilyarisasyon."*

*Bagamat maraming pagsubok sa panahon ng pandemya ,nais niyang manatili ang mga kawani at guro na laging punong puno ng enerhiya sapagkat sa ganitong paraan tayo ay magiging produktibo upang maibigay ng mga guro ang mataas na kalidad ng edukasyon sa mag-aaral nang ligtas at walang anumang banta ng panganib .*

*Dalawa……….*

*Dalawang katangian ang angkin niyang taglay. Matalino.Kasabay ng kanyang panunungkulan sa DepEd Bulacan, siya ay nagsusunog ng kilay at naghuhukay ng balon ng kaalaman bilang iskolar ng Development Academy of the Philippines (DAP) .Katangi - tangi sapagkat siya lamang ang pumasa sa buong rehiyon para sa ganitong pag-aaral. Bagamat may mababang posisyon kumpara sa mga kasama niya sa akademya namumukod tangi ang taglay niyang katalinuhan. Ito ay patunay lamang na di mapapantayan ang kanyang katalinuhan.*

*Matulungin.Sa maliit na paaralang una niyang pinaglingkuran sa coastal area ng Masantol kung saan limang taon siyang namamangka upang makarating, inilaan niya pati na ang kanyang sariling yaman upang patuloy na maipatupad ang proyekto at programa ng paaralan. Tinuruan niya ang mga magulang ng pangkabuhayan upang makaagapay sa pag -aaral ng kanilang mga anak.Kung ano ang iyong itinanim ay iyong aanihin.Nakita ng mga nanunungkulan ang tapat na paglilingkod at pagtulong niya sa mga guro, kawani at magulang kayat ang kanyang itinanim ay inani niya nang ilipat siya sa malaking paaralan.*

*Kaakibat ng kanyang panunungkulan ang paggamit ng makabagong teknolohiya sa edukasyon. Prayoridad niya ito lalo na sa panahon ngayon kung ssaan ito ang tanging gamit upang maihatid ang pagkatuto sa mag-aaral. Layunin niyang maging bihasa ang mga guro sa larangang ito. Ayon sa kanya, dapat magkaroon tayo ng "better teachers and better leaders."Kung may mas mahusay na kakayahan at mainam na kasanayan susunod dito ang mas mabuting pagkatao. Kung mabuti ang mga punong-guro, maililipat niya ang kabutihan sa mga guro ,at ang mga guro sa mag-aaral at kung magkagayon makapag-aambag tayo sa pagbabago ng sangkatauhan.*

*Sa nakalipas na limang dekada ng kanyang buhay ,naging adbokasiya niya ang mabuting pamumuno o "Mayap Leadership" . Kasama sa kanyang mithiin sa kagawaran ang lalong mapabuti ang proseso ng lahat ng transaksyon, kalagayan ng mag-aaral, kalidad ng edukasyon at paraan ng pamumuno.*

*"Masaya ako na tinanggap ako sa Bulacan,naramdaman ko ito nang ako ay dumating at ang inyong paggalang kahit ako ay hindi tagarito." Ang mga katagang namutawi mula sa kanyang mga labi para sa mga pinamumunuan niyang Bulakenyo.*

*Tatlo………*

*Tatlong alagad ng edukasyon ang nasa kanilang angkan .Bunga siya ng isang supervisor at isang matalino at mahusay na guro kaya nananalantay sa kanyang dugo ang marangal na pagtuturo at pamumuno.*

*Sa kanyang pamumuno sa Sangay ng Bulacan ,ang Curriculum Implementation ang kanyang binigyan ng ibayong pansin lalo sa panahon ng pandemya.Malaking hamon sa panahon ngayon ang maghatid ng mataas na kalidad ng edukasyon sa mahigit na 455,000 mag-aaral mula K-12 kaya naman ibayong pagsisikap ang ginagawa niya upang matutukan at matugunan ang mga suliraning kinakaharap ng sangay pagdating sa nabanggit.*


*" The real challenge is how we work together." Sa tulong ng mga namumuno ng bawat paaralan,guro at komunidad , maisasakatuparan natin ang lahat ng proyekto at programa ng Kagawaran ng Edukasyon.*

*Isinunusulong niya ang "Values Regeneration." Ayon sa ASDS ng elementarya, kahit gaano katalino, kahusay at kagaling ang mag-aaral guro at empleyado ng kagawaran kung walang values hindi kumpleto ang pagkatuto at pagkatao. "We need to have learners who have values. "wika niya.Dapat nating simulan ito sa ating mga sarili. Mithiin din niya na sa pamamagitan ng mga programa ay maisama at maiugnay sa mga asignatura ang values. Ito ay isang malaking hamon sa mga guro na uukit sa kinabukasan ng mga mag-aaral para sa pangmatagalang pagkatuto.*


*Napakapositibong pananaw ng pinuno nang sabihin niyang "Let us not focus on the downs, to see positive in everything." Sa kabila ng ating kondisyon at sitwasyon, We have to see the brighter side of life. Isang inspirasyon ang marinig sa kanya na kailangang pahalagahan ang karera. We have to perform our duties.*

*" This is more of a challenge. In life ,it is more than a teacher. We have to find purpose. Kahit may iba't-ibang pakikibaka , just hang on, " habilin niya sa mga tagapaghasik ng karunungan at bukal ng kaalaman.*

*Isa………………Ang unang Juana , Ang Ina ng Kagawaran - Zenia G. Mostoles,EdD, CESO V*
*Dalawa……… Ikalawang dibisyon ang Bulacan na kanyang pinaglingkuran - Rowena T. Quiambao, CESE*
*Tatlo ……….. Tatlong Bukal ng Karunungan ang pinanggalingan - Cecilia E. Valderama PhD*
*Isa……….dalawa……tatlo……… Tatlong Juana sa Sangay ng Bulacan na tulad ni Juana Cusa ay naglingkod sa Panginoon at sa mga apostoles ng walang alinlangan.Mga Juana ng Bulacan na handang maglingkod sa ngalan ng edukasyon nang buong puso, isip at diwa. Para sa Bata. Para sa Bayan.*







LATHALAIN

# MGA LARAWAN NG MGA BAYANI
## ITINAMPOK SA DEPED BULACAN

ni Charito Navarro Laggui





**Nagkaroon ng katuparang masilayan muli ng mga kawani, guro at opisyales ng DepEd Bulacan ang mga larawan ilang mga bayani ng ating bansa, matapos na pormal na buksan noon ika-3 ng Marso sa publiko ang 20 tampok na Bayani mula sa Project SAYSAY na makikita sa pasilyo ng DepEd Bulacan.**

Ang proyektong ito ay nakabatay sa Memorandum Circular No. 25 s. 2017 , kung saan naglalayong maipakilalang muli sa makabagong henerasyon ang mga natatanging ambag at kontribusyon ng bawat bayani na nagpamalas ng malaking ambag, pagmamalasakit at pagmamahal sa ating bansa partikular na sa bayan ng Bulacan.

Ito ay nagkaroon ng katuparan sa pahintulot ni Dr. Zenia G. Mostoles, CESO V, Schools Division Superintendent , kasama ang suporta nina Ma'am Rowena T. Quiambao, CESE, at Dr. Cecilia E. Valderama, ating mga Assistant Schools Division Superintendents, Dr. Gregorio C. Quinto, CID Chief at Dr. Virgilio L. Laggui, EPS Araling Panlipunan at ng buong kaguruan sa asignaturang Araling Panlipunan sa Bulacan     Malaking bahagi ng nasabing proyektong ito ay nakabatay sa " Balik Kasaysayan Program" na isinusulong ng Kagawaran ng Edukasyon at ang "Project BAYANi" na lokal na proyekto ng DepEd Bulacan upang minsan pa ay maitampok ang mga natatanging nagawa ng mga piling bayani na umukit ng malaking parte sa ating kasaysayan.

Sa huli ang nasabing proyektong ito ay bilang pakikiisa na rin ng Schools Division Office of Bulacan sa nalalapit na pagdiriwang ng " Quincentennial Commemoration in the Philippines Victory and Humanity 1521-2021" na gaganapin sa bulwagan ng Kapitolyo ng Bulacan.

*"Larawan may kumupas, at magbagong tuluyan*
*Nakaukit na sa kasaysayan ang kabayanihan:*
*Itatanghal, isasabuhay ang kanilang kadakilaan*
*Ikikintal sa puso't isip ang diwang makabayan."*

*Mensahe*
*ni Virgilio L. Laggui*

# KOMBINASYON

ni Romel C. Roque

Isa... dalawa... tatlo... tiyak matututo!

Buong mundo ay hinamon sa pag-usbong ng pandemyang ni sa hinagap ay hindi inaasahang darating. Lahat ay naapektuhan, lahat ay walang kawala.

Isa ang larangan ng edukasyon sa sinubok ng krisis pangkalusugan na ito. Ngunit, dahil sa maalab na pagnanais na magpatuloy ang pag-aaral, nagpatupad ang Kagawaran ng Edukasyon ng iba't ibang pamamaraan ng pagkatuto. Nariyan ang modaliting modyular, birtuwal at ang blended.

Ang blended learning ay ang modaliti na gumagamit ng modyular at birtuwal na pamamaraan. Dito, pinaghalo ang gamit ng teknolohiya sa pamamagitan ng mga birtuwal na klasrum at ang nakalimbag na mga modyul upang maging mabisa ang pagtuturo ng aralin. Sa pamamagitan ng modaliting ito, nabibigyan ng pagkakataon ang mga-aaral na magkaroon ng interaksyon sa kani-kanilang mga guro at kapuwa kamag-aral.

Sa mga paaralan sa Sangay ng Bulacan, may mga distrito sa elementarya at 95 na paaralan naman sa sekondarya ang gumagamit ng modaliting blended.

Isang kombinasyon...
Dalawang bukod na modaliti...
Tatlong paraan ng pagkatuto...
Lahat ay para sa ikauunlad ng edukasyon ng kabataang Pilipino.

# PUNLANG PINAGTIBAY NG PANAHON

ni Jonalyn Magdalena

"Lahat ng bagay, pinaghihirapan. 'Di matamis ang tagumpay kapag walang paghihirap na naranasan.

Ang buhay ng tao ay nabubuo mula sa ating mga munting pangarap. Tulad ng isang punla na kapag ating itinanim, inilagaan at iningatan ay unti-unting lumalaki at nagkakaroon ng hugis, kulay, buhay at katuparan para sa ating hinaharap. Mga punla na sumisimbolo sa ating mga pangarap na pilit nating iniingatan at ninanais na mamunga batay sa ating inaasam. Maaring darating ang puntong susubukin ang ating hagganan ng mga unos na ito at pilit tayong sisirain hanggang sa tayo ay bumitaw at tuluyan nang hindi magpatuloy sa mga hamon ng buhay.

Ang mga hamon at pagsubok na ito sa buhay ng tao ay likas at kaakibat na ng kanyang pagkatao. Nasa sa ating mga sarili nalang ito kung papaano natin haharapin at lalabanan. Kung nais natin makamit ang tagumpay paghirapan natin na maabot ito.

Ang lahat ng taong matagumpay ay dumaan rin sa mga malalaking pagsubok ngunit pinanghawakan nila ang kanilang mga pangarap upang malagpasan ang mga hamon sa kanilang buhay at patuloy na lumaban.

Sa araw-araw nating pagsuong sa mga hamon na ating kinakaharap lahat ay may kaakibat na aral. Mga aral na siyang magagamit o magiging inspirasyon natin upang mas maging matatag at maging matibay sa lahat ng oras. Darating ang araw na ang punla na ating itinanim ay magiging isang ganap na puno na yayabong at produkto na ng panahon at pagsisikap. Isang puno na patuloy ang pagsikhay para makamit ang magandang kinabukasan at buhay. Walang imposible kung magtitiwala ka sa iyong sarili.

Hindi man madali, ngunit kailan ba tayo guminhawa ng hindi nakakaranas ng kahit kaunting hirap man lamang? Masasabi nating mayroon ngunit mas masarap kung ang nakuha mo ay pinaghirapan at inalayan ng panahon at puso . Ang lahat ng ating mga pangarap ay maaaring matupad kung mayroon tayong lakas ng loob na ituloy ang mga ito

Tandaan na kahit ikaw ang pinakahuli sa lahat. Darating ang panahon na ika'y aangat at patuloy na yayabong at magiging mas matatag pa sa kahit anong unos na darating. Patuloy lamang na manalig sa sariling kakayahan at humingi ng patnubay sa Poong Maykapal.

# OBRA MAESTRA

ni Rodelia DT. Dela Cruz

**Kung ika'y aking ipipinta, ialaalay kita sa aking sinisinta. Lahat sila'y makikita na ikaw ay binabalita, dudungaw sila sa bintana at hihilinging makuha ka sana. Subalit sa pagsara ng mga pintuan, mahahayag na ika'y obra maestra.**

Pagbukas ng pintuan ay bumungad ang bundok ng papeles sa aking harapan. Naunahan ko pa ang pagtilaok ng manok, kaya't napakamot sa batok. Inilibot ko ang aking paningin at natagpuan ang nakatiwangwang na kagamitan sa aking lamesa. Tinatawag ako ng upuang nag-iinit sa maghapong pagtutok sa mga gawaing birtuwal. Minsanang walang tulugan at bahagyang hingahan, mahirap nang maabutan ng pasahan.

Pagbukas ng telepono'y sumambulat ang mga paalala, panawagan at panibagong kapupuyatan. Isang buntong-hininga ang aking pinakawalan at mariing nagnilay kung paano ko mapapalaya ang aking isipan sa dami ng isipin. Naisip ko, ano kayang uulamin namin mamayang tanghalian? Hindi kapos sa pambili ngunit sa bungkos ng kinakailangang unahin, mas dinaramdam ko pa kung sinong maaaring humalili. Kung ang oras lamang ay nabibili, malalasap sana ang bawat sandali.

Sandali lang, hindi ko na maatim ang karumihan ng paligid. Maglilinis. Sandali lang, may dadaluhan akong online activity, haharap kay kaibigang laptop. Sandali lang, tuturuan ko pa ang anak ko sa kaniyang takdang-aralin. Sandali lang, aasikasuhin ko pa ang modules. Sandali lang, may pag-uulat na isasagawa.

Sandali lang. Salitang namutawi sa aking bibig. Napahinto akong sumandali at pumikit habang sinasagot ang isang tanong na, ang mga dakilang bayani ba'y talagang itinadhanang mag-alay ng buhay sa bayan? Sino ang bayani? Kasabay ng pagtulo ng aking luha, naalala ko ang panata ng isang ina, guro, anak at kapatid– walang hindi gagawin. Kung sino ang handang mag-alay ng buhay para sa bayan at sa mga kabataang pag-asa ng bayan, iyon ang bayani. Ang nag-iingat ng sali't saling kaalaman sa pamamagitan ng pagtuturo. Kahit pa sa kasalukuyang pandemya ay nabilang tayong tila mga tupa sa gitna ng lobo, handang sumama sa krusada ng sakripisyo alang-alang sa pagtupad sa layunin ng pagkakalikha sa atin.

Pinagmasdan ko ang aking sarili sa harap ng salamin habang sinusuri ang aking pagkatao.

Kung ika'y aking ipipinta, bubuuin kita ng mga pangunahing kulay– asul, dilaw, pula, puti. Iaalay kita sa karangalan ng watawat ng Pilipinas. Makita kang binabalita at nakasabit sa talaan ng mga bayani ng henerasyon na dinudungaw sa bintana, ang iba'y hihiling na sana'y mataglay ang iyong matuwid na damdamin at ambag sa lupain. Subalit, sa pagsara ng mga pintuang-daan. Hindi lamang ako ang magbabangon ng pag-asa. Kasama ang lupon ng kaguruan at departamento ng edukasyon. Tayo'y tunay na obra maestra.

Hindi dolyar ang halaga, sa karangalan itinalaga.

Ang BULAKENYO
TOMO 2 BLG. 1 ENERO - MARSO 2021





# ANG HIWAGA NG DOÑA REMEDIOS TRINIDAD O DRT

ni Josephine M. Tupaz








Tunay ngang mahiwaga ang bayan ng Doña Remedios Trinidad o DRT. Isa ako sa mga naging saksi sa itinatagong hiwaga at kagandahan ng naturang lugar. Nang binabaybay ko pa lamang ang kalsada patungong DRT ay hindi ko na maipaliwanag ang pagkasabik na aking nararamdaman. Tila may kung anong hiwagang bumabalot sa lugar na ito. Unang lugar na aking hinintuan ay ang Tila Pilon Hills. Bago ko napuntahan ang naturang burol ay nag-akyat - baba muna ako sa matatarik na akyating lugar. Halos isang oras ko din itong binaybay. May matibay na lubid na nag-aabang sa akin kung saan ako humawak upang maakyat ang Tila Pilon Hills. Totoong nakakapagod ngunit pagdating ko sa tuktok nito ay para akong isang buti nagtatatalong sa kaligayahan sapagkat napaganda ng mga tanawin mula rito. Sulit na sulit ang pag-akyat ko rito. Ang kasiyahang nadama ko ay hindi matutumbasan ng anumang halaga dahil tunay na kaigayahan ang aking naramdaman.

Bukod sa bulubunduking lugar na aking tinunton patungong Tila Pilon Hills, isa pang matarik na lugar ang aking inakyat, ito ang Gulod Paradise. Sa paanan pa lamang nito ay nadaanan ko na ang Kampo ni Kan Tatang kung saan ay maaaring magcamping kasama ng iyong mga kaibigan o mahal sa buhay. Mas lalo akong nasabik umakyat sa gulod dahil sa ibaba pa lamang nito ay nakakahalina na ang mga tanawin. Dali-dali akong umakyat sa gulod, halos sampu hanggang dalawampung minuto ko ito inakyat. Pagdating ko sa itaas ay napa Wow ako nang napakalakas, hindi ko maipaliwanag ang naramdaman ko pero sobrang saya dahil para akong nasa paraiso. Para akong isang anghel na nasa kalangitan sa sobrang kagandahan ng lugar.

Matapos kong akyatin ang dalawing matatarik na lugar ay nakaramdam ako ng pagod, ngunit ang pagod na ito ay di ko alintana dahil narating ko naman ang dalawang lugar na nagpasaya ang aking puso. Lugar na parati kong maaalaala at siguradong babalik-balikan. Tinungo ko naman ang daan patungong Secret Falls malayu-layo ito buhat sa Tila Pilon Hills at Gulod Paradise, mahirap tuntunin ang lugar sapagkat ito ay totoong nakatago kung kaya pinangalanan itong Secret Falls. Bago ko narating ang secret Falls ay muli akong naglakad sa isang mababaw at mabuhanging ilog. Halos dalawampung minuto ko rin itong binaybay bago ko narating ang sinasabing Secret Falls. Muli ay para akong batang nagtampisaw sa maliit ngunit nakakaigayang lusungang talon. Napakalamig ng tubig na nagmumula sa ilog kaya agad akong tumalon at tila isang isdang lumangoy-langoy. Talagang napakasaya ng karanasan kong ito at siguradong maging ang mga kasama ko ay nag-enjoy din.

Nagustuhan ko talaga ang mga lugar na sinadya ko pa kahit malayong lugar ang aking pinanggalingan. Naibigan ko ito dahil mapagmahal ako sa kalikasan at isa rin akong adventurer.

Walang duda,maganda, kaakit-akit at mahiwaga ang bayan ng DRT. Paulit-ulit ko itong babalik-balikan. Halina't samahan ninyo akong muling pasyalan, tuklasin at alamin ang tunay na hiwagang bumabalot sa magandang bayan ng Doña Remedios Trinidad o DRT.

# Hamon sa Edukasyon Para sa Bagong Normal

ni Roderick Alcantara

Digmaan,Laban.

Dalawang salitang kapag pinagsama sa isang pangungusap ay makabubuo ng madugong senaryo sa ating isipan. Subalit, paano kung sa digmaang ito'y hindi dugo ang usapan, hindi tabak ang panlaban, hindi gatilyo ang dadatnan at hindi teritoryal ang sagupaan? Malalim ang pinanghuhugutan ng dalawang salitang ito. Malayo ang tinatakbo ng suliraning ito.

Sino ngayon ang apektado? Mabangis ang pandemic na kinahaharap ng bansa. Ang mga tao ay sumisigaw ng saklolo. Ang mga estudyante ay sabik sa pagtuturo. Ang pagkatuto ay paano? Sa mundong unti-unting nagbabago? Maraming suhestiyon, iba't ibang alternatibo at solusyon. Ngunit, sa huli, tutulan man, isinasampal na sa atin ang katotohanan na ito na ang bagong normal. Ang paraan ng pagkatuto ay bibigyang daan sa pamamagitan ng mga bagong alternatibo sa tradisyunal na paraan ng pag-aaral.

Online class, home-school, modules. Ipinagpauna na ng DepEd ang ilang maaaring pagpilian sa pagpapatuloy ng pag-aaral sa taong ito. Nasa kalagitnaan pa lamang tayo ng digmaan laban sa COVID19. Samo't sari na ang usapan patungkol sa bakunang pinagsisikapang matagpuan,ang pagkauhaw ng mga bata sa edukasyon ay ipagpaliban.

May iilang estudyante at guro ang aprubado sa isasagawang online class. May iilan din namang hindi pabor at wala umanong sapat na kakayahan sa pagsabay sa makabagong sistema. Hindi isang boses lang ang dapat marinig. Hindi lang si Juan ang apektado, nariyan pa si Juana, si Pedro, si Maria, si Jose at si Lucas. Kalimutan mo ang tatsulok na na paglalarawan sa ating bansa kung saan ang nasa tuktok ay iilang mayayaman. Iisa tayo ng kalaban ngayon, at lahat tayo'y may pananagutan.

Hindi minamadali ang mga bagay. Sumabay ka sa pagbabago, layuan mo ang pagtanaw na kahit sa simpleng paraan ay makatuklas ka ng bago. Maging ganap ang pagbuo mo sa iyong sariling pagkatao.

Sinasabi ko sa iyo ang totoo.

Ang tunay na laban ay hindi sa dugo, hindi sa tabak ni sa gatilyo. Ang pinakamatinding laban ay nasa sarili mo. Ang digmaan sa loob ng iyong isip at puso ang makapagdidikta ng panalo at talo. Huwag kang patatalo sa hamon at pagbabago. Tandaan, Pilipino ka't maharlika ang dugo mo.

# Awit NI BULOY

ni Maverick V. Catahan

"Sinulit ko ang sandali at niyakap nang mahigpit ang taong nagbigay ng inspirasyon at pag-asa sa akin kahit sa isang linya lamang ng awitin".

"Hari ng sablay" kung ako'y tawagin ng isang tinderang madalas na inuutangan ni Nanay sa mga pagkakataong kapos kami at wala akong pambaon. Maging si Bumbay na halos lahat na yata ng paninda ay nakuha na namin para sa patubuang pambayad sa masusungit na kahera sa isang sikat na unibersidad sa Bulacan. Naubos na rin yata pati pawis ng tatay ko kakapukpok ng pako at kakalagari ng kahoy sa kapitbahay naming mahilig magpaayos ng bahay. Mahirap ang buhay kung sa mahirap. Mabuti na lang, nariyan ang kaibigan kong si Huckleberry Finn, kasa-kasama ko sa pagbibilad ng palay sa tapat ng munting bisita ng aming barangay at kaklase kong inhinyero na ngayon na sabay naming nilalakad suot ang Rambong bigay ng may crush sa akin, ang " kilo-kilometrong layo" daan patungo sa paaralan.kaming naglalakad laging angkas sa bisikleta

Akalain mo...Naakyat ko ang entablado nang may ngiti. Sinangag at pritong tuyo na sasaluhan ka ni Julia, aso naming pinag-iinitan ng KJ naming kapitbahay ay solve na solve na ang tanghalian. Sa hapunan naman, patok ang nilagang itlog na teternohan ng Lucky Me beef noodles na kung mamalasin ay mahuhulugan pa ng alitangya o kaya'y gamugamo sa gabi. Na-miss ko tuloy ang mga ito lalo na ang pangangaroling sa mga barat o di naman kaya'y ipahahabol kami sa lampa nilang mga aso. Tila nasanay na kami sa ganitong paulit-ulit na buhay. Wika nga, tawanan na lang at huwag tambayan.

Kay sarap balikan ng paborito naming kanta ng Parokya ni Edgar, ang "Buloy". Walang hinto naming pinakikinggan ngunit sa kasamaang palad, lumipat na ng tirahan ang may-ari ng cd na aming ginagamit. Lungkot na lungkot kami sa pangyayari at buhat noon, di na muling narinig pa ang awit. Sa buhay talaga walang permanente. Kahit isang materyal na bagay, posibleng mawala pa sa'yo. Marahil hatid ng awit na yon ang pagpapatibay sa amin sa ano mang hamon ng buhay.

Sa kalendaryong buwan-buwan naming pinipilas, at taon-taong pinapalitan, narating ko na ang dapat kong marating. Kundi dahil sa mga guro kong si Gng. Pasweet,G. Ma-appeal, malamang walang sapatos na bagong shine at kurbatang bulaklaking suot-suot ko ngayon. Mahaba kung isasalaysay ko ang mga pangyayari pero ang mahalaga, tumanaw tayo ng utang na loob sa taong tumulong tumulong sa atin.

Sa isang dekadang pagtawid sa kalsadang may ilaw-trapiko at pagsakay sa MRT, laging bumabalik sa aking gunita ang aking buhay bilang isang simple na nangarap makabili ng isang album ng Parokya ni Edgar, kasama siyempre ang "Buloy". Ngiti ang aking bungad sa isang record outlet nang makita kong may nag-iisang piraso pa ng cd na nakatayo sa rack. Papalabas na sana ako nang may biglang tumapik sa aking likuran at kumanta ng "Hoy, hoy, Buloy, naaalala mo pa ba..." Sinulit ko ang sandali at niyakap nang mahigpit ang taong nagbigay ng inspirasyon at pag-asa sa akin kahit sa isang linya lamang ng awitin.

# TEKNOLOHIYA sa PANDEMYA

ni Jan Christian N. Victorino

**Modular at online na pedagohiya**
**Kailangan pa rin ay teknolohiya**
**Upang simpatiya ng bata'y makuha**
**Nang MELCs ay ma-master nya.**

**Bagama't may mag-aaral na walang kakayanan**
**Na mag load at nang module ay matunghayan**
**Pagkat guro't mag-aaral ay mapamaraan**
**Sa itinakdang oras, layuni'y nakakamtan.**

**Kay hirap man nang pinagdaanan**
**Nitong COVID-19 na kapanahunan**
**Komunikasyon ay may kabagalan**
**Teknolohiya ay solusyon ng tanan.**

**Ano mang aralin na di-maunawaan**
**Si teacher ang takbuhan at tanungan**
**Subalit bawal ang F2F na usapan**
**Kaya't fb, messenger o text ang kasangkapan.**

**Mga mahal na kabataan**
**Lagi pa ring tatandaan**
**Anumang hirap nang pinagdadaanan**
**Taimtim na panalangin ay lakipan.**

## ᜉᜒᜈᜒᜎᜑᜈ᜔

## PI - NI - LA - HAN

ni Abel V. Lim

*Kinatatamaran ko ang napakahabang pila. Sa grocery, sa bilihan ng gamot, pagbabayad ng bills at maging sa pagwiwidraw sa ATM. Bakit ba kasi nauso ka pa? Bukod sa mainit na, nakakabagot pa at talagang nakakapagod maghintay. Ubos ang oras mo sa pagpila pa lang. Ayan, natatanaw ko na naman, dumadagsa, dumadami, humahaba na namang muli. Hindi ka naman puwedeng sumingit dahil tiyak na ikaw pa ang maiinis hanggang sa ika'y magalit. Ang dami na nilang nakapila. Parang hindi nauubos sa linya. Pero teka, kakaiba ito sa lahat ng pilang nakita ko. Parang hindi nakararamdam ng pagod at bagot. Napakatahimik kahit sobrang dami na nila. Nakapagtataka. Lumapit ako para makita. Hindi ko nagawang makapagsalita. Sa isip ko'y ilang daang libo kaya silang makikinabang sa mga butil ng mumong nalalag sa lamesa?*

# Philippine Red Cross Bulacan Chapter handa na sa RT-PCR Test

ni Samuel DC Sosas

**Inaprubahan ng Department of Health (DOH) at Philippine Red Cross (PRC) laboratories ang paggamit ng saliva o laway bilang alternatibong ispesimen sa pagkuha ng Real time reverse transcription – polymerase chain reaction (RT-PCR) Test noong Enero 21, 2021 bilang alternatibong paraan sa pagtukoy ng mga positibo sa COVID-19.**

Ang saliva RT-PCR test ay isang bagong pamamaraan kung saan kokolektahin at ite-test ang laway sa makina ng RT-PCR kung mayroon itong SARS-Cov-2. Ayon kay PRC Chairman at Senator Richard Gordon, ito ay mas ligtas, mabilis, madali at mura kaysa sa swab test.

Sa kasalukuyan, ang PRC Bulacan Chapter ay tumatanggap na ng saliva RT-PCR test at ito ang paraan sa pagkuha ng saliva: 1. Huwag kumain, uminom, magmumog, o manigarilyo sa loob ng 30 minuto bago magbigay ng saliva o laway; 2. Mag-sanitized ng mga kamay gamit ang alcohol; 3. Simulang mag-ipon ng laway sa bibig; 4.Kunin ang specimen container na may barcode at buksan; 5. Gamit ang straw, patuluin o padaluyin ang laway sa container; 6.Siguruhing nasa 1-2 ml ang makokolektang laway; 7. Takpan nang maigi at punasan ang container gamit ang tisyu at alcohol; 8. Itapon ang mga pinaggamitan sa nakalaang basurahan; 9. Ilagay ang specimen container sa rack; 10. Mag-disinfect ng kamay bago umalis.

Maraming bansa na rin ang gumagawa nito tulad ng Australia, United State, Hong Kong, Taiwan at Japan.

## UV Light pangunahing disinfectant ng SLMs ng BNHS

ni Mharikith E. Fababier


**"Napakahalaga ng kalusugan ng mag-aaral, guro at lahat ng kawani ng paaralan."**

Ito ang pahayag ni Dr. Nancylita C. Cubol, Punong Guro III ng Bunsuran National High School (BNHS) sa isang panayam kaugnay ng paggamit ng Ultra Violet light (UV) sa pagdi-disinfect ng mga self-learning module (SLM) na ipinamimigay sa bawat mag-aaral ng paaralan.

Nagdesisyon ang paaralan na bumili ng sariling UV light matapos pag-aralan ang features at kabisaan nito upang masigurong maayos na na-disinfect ang mga SLM bago ipamigay sa magulang upang sagutan ng mag-aaral at guro upang maiwasto naman kapag ibinalik na ng mga magulang.

Ayon kay G. Samuel Sosas, teacher nurse ng paaralan at dating nagtrabaho sa isang pribadong ospital, karaniwang ginagamit ang UV light sa mga ospital sa pagdi-disinfect sa area at mga medical tools na ginamit sa pasyenteng may nakahahawang sakit.

Batay sa mga isinagawang pag-aaral, malaking tulong ang UV light sa pagpatay ng virus at bacteria sa surfaces dahil sa taglay nitong germicidal UVC wavelength subalit nagpaalala ang World Health Organization (WHO) na masamang ma-expose ang tao sa UV light lalo na ang balat at mata nito.



Dr. Nancylita C. Cubol, para sa demo ng wastong paggamit ng UV Light.

## LATHALAIN

## Iba pang Papel ng mga Lumang Papel

ni Dr. Jan Michael C. Sotto

**Isa sa pinakamahalaga at pinakanagagamit na produkto ng siyensya ang papel. Sa paaralan, sa opisina, sa tahanan, sa palengke o kahit saan pa man, ang papel ay tunay na gamit na gamit. Ngunit bukod sa ang papel ay ginagamit sa iba't ibang paraan tulad sa pagsusulat, pagpipinta, pag-iimprenta, pambalot ng mga bagay-bagay at iba pa, ano pa nga ba ang pwedeng maging papel ng mga papel?**

Ayon sa pananaliksik noong taong pampaaralan 2014-2015 ng dating mag – aaral ng Lolomboy National High School na si Lyca Balume, kasama ang kanyang dating guro sa agham na si G. Jan Michael C. Sotto, ang papel ay may potensyal na gamit bilang isang uri ng pataba sa lupa na maaring magpalago at magpaganda ng tubo ng isang halaman. Sinundan nila ang kanilang pananaliksik ng isang eksperimento na ang layunin ay alamin ang epekto ng papel sa pagtubo at paglaki ng pananim na kamatis. Gumamit ang mga mananaliksik ng iba't ibang uri ng papel na kanilang inimbestigahan – papel na may kulay, puting papel at mga lumang dyaryo na inihalo ng bukod, bukod pa sa lupa na pinagtaniman ng kamatis.

Tinaniman ang bawat set-up ng magkakaparehong bilang ng buto ng kamatis at isinilalaim sa pare-parehong pamamaraan ng pagpapatubo at pagpapalaki ng pananim. Sa loob ng dalawang linggo, masusing inobserbahan ng mga mananaliksik ang pagtubo at paglaki ng ng mga pananim. Mula sa haba ng mga tangkay at bilang ng mga dahon, araw-araw itinatala ng mananaliksik ang mga pagbabago na naipapakita ng mga pananim. Mula sa mga datos na nakolekta, napatunayang ang mga papel ay may epekto sa pagtubo at paglaki ng kamatis. Sa lahat ng set-up, ang lupang may halong puting papel ang nagbigay ng pinakamagandang epekto sa mga pananim.

Pinagtibay ng Tanggapang Pang-Agrikultura, mula Munispyo ng Bokawe ang resulta ng mga datos na nasuri mula sa mga lupa na may halong papel. Ayon sa pagsusuri, ang lupang may halong puting papel ay may sapat na Phosporous at Potassium na mahalagang sangkap upang maging maganda ang paglaki ng halaman.

Tunay ngang ang papel ay may iba pang papel sa mundo na dapat bigyang- pansin at pag- aralan.

Huwag tumigil sa pagsasaliksik. Maaring ang gamit nang papel na hawak mo ngayon ay may iba pang kamangha-manghang papel na maaaring magamit sa pag-unlad ng larangang pang-agham.

Ang BULAKENYO

TOMO 2 BLG. 1 ENERO - MARSO 2021



Coach Archie R. Pineda, sisikat din ang araw ng Archery.

# Aasinta pa rin

ni Efraim C. Mendoza

**Sa mundo ng Archery, paano kung ang inaasintang pangarap ay hindi naisakatuparan?**

Ito ang tanong na masakit mang marinig ay kailangan pa ring buong loob na sagutin lalo ng isang gurong tagasanay sa larangang ito.

Matatandaang noong nakaraang taon ay hindi isinagawa ang Central Luzon Regional Athletic Association (CLRAA) Meet dahil sa COVID-19.

Isa si Archie R. Pineda, gurong tagasanay sa Archery mula sa Lolomboy National High School ang nalungkot sa balitang ito.

May dalawang archers mula sa paaralan ang pinalad sana na makapaglaro sa CLRAA Meet subalit ito ay naantala.

Sa kabila nito, hindi tumigil si Pineda upang sanayin ang kanyang mga manlalarong sina James Pagkaliwanagan at Stephanie Billiones. Sa katunayan, ibinahagi ni Pineda na patuloy pa rin siya sa paghasa sa kakayahan ng mga manlalaro. Isinasagawa niya ito tuwing Linggo sa Steak and Arrow, Dulong Bayan, Sta Maria, Bulacan.

Bukod pa rito, binuo rin ni Pineda ang kanyang Youtube Channel na ARCHIEry Pineda na naglalayong magbigay-kaalaman tungkol sa isports na ito sa panahon ng new normal.

Sa anim na taon niya bilang isang coach na umabot na sa Palarong Pambansa, hindi ang isang pandemya ang makapagpapatigil sa kanyang hangaring hubugin pa ang mga manlalaro. Wika nga, maudlot man ang pangarap sa una, AASINTA PA RIN para sa inaasam na tagumpay!

ISPORTS EDITORAL

# Tuloy sa Pagpapalakas


ni Cherry Mendoza

**Simula nang kumalat ang Corona Virus sa iba't ibang panig ng mundo, isa ang isports sa lubhang naapektuhan. Naantala ang mga panrehiyong paligsahan sa isports katulad ng Central Luzon Regional Athletic Association (CLRAA Meet) at ang pinakaaabangang Palarong Pambansa bilang pag-iingat sa paglaganap ng virus.**

Nabago rin ng pandemyang ito ang pang-araw-araw na gawain ng mga tagapagsanay at ng mga atleta. Kung dati ay personal at sama-sama ang mga ito sa pag-eehersisyo at pagsasagawa ng mga gawain na lilinang sa kanilang kasanayan, ngayong may pandemya ay online training o video call ang paraan ng coach sa pag-antabay sa mga atleta. Ito marahil ang new normal practice. Ganito ang paraan na isinasagawa ni Quila Q. Francisco, 4th-time Palarong Pambansa Coach ng gymnastics, sa pagsasanay sa kanyang manlalaro.

Dahil sa pandemya, naging limitado ang pagkilos lalo na ng mga atleta.subalit kailangan pa ring palakasin ang sarili. Ayon kay Eduardo M. Giron, Division School Sports Officer, malaki ang epekto at masyadong mapanghamon ang paghahanda sa panahon ngayon. Aniya, ang isa sa mga programa ng halos lahat ng dibisyon ay mapanatili ang init ng isports sa pamamagitan ng palagiang konsultasyon at information drive na isinasagawa sa pamamagitan ng webinar. Patuloy rin ang pakikipag-ugnayan sa Punong Tanggapan at Panrehiyong Kagawaran kaugnay sa mga plano at preparasyon sa larangan ng isports.

Patunay ito na sa kabila ng mga hamon na naidulot ng pandemya, hindi naging dahilan ito upang hindi palakasin ang larangan ng isports. Ipinakita rin nito na ang mga Pilipino ay tunay na maabilidad sa lahat ng pagkakataon.




BALITANG ISPORTS

# DepEd Sports Manual, target na buoin

ni Efraim C. Mendoza

**Ibinandera ng 11 dekalibreng gurong tagasanay sa larangan ng isports ng Sangay ng Bulacan ang kanilang husay at galing sa kauna-unahang "National Virtual Orientation on the Use of the DepEd Sports Manual" na ginanap noong Enero 25 hanggang Pebrero 20, 2021 sa pamamagitan ng Zoom.**

Layunin ng nasabing pagsasanay na makagawa ng DepEd Sports Manual para sa 27 sports sa Palarong Pambansa na pinaglalabanan ng 17 rehiyon.

Nagmula sa iba't ibang paaralan sa Dibisyon ng Bulacan sa Elementarya at Sekondarya ang mga guro na kung saan ay patuloy na namayagpag sa Palarong Pambansa sa sports na kanilang pinagbibidahan.

"Di hadlang ang pandemyang nararanasan ng buong bansa upang mapilay ang pagnanais ng DepEd na mahubog ang husay ng mga atleta-Pinoy para sa pakikipagtunggali sa mas mataas na kompetisyon 'di lang sa buong Asya kundi sa buong mundo," ani Jonathan Santos, batikang gurong tagasanay sa Volleyball.

Sentro ng pagsasanay na ito na makagawa at maibahagi sa mga guro na nagtuturo ng Physical Education (PE) ang DepEd Sports Manual.